Ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagbawal sa pagtitinda ng katapatang-loob at pagreregalo nito.

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allāh sa kanilang dalawa: Ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagbawal sa pagtitinda ng katapatang-loob at pagreregalo nito.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang katapatang-loob ay kaugnayan gaya ng kaugnayan ng kaangkanan yayamang tunay na ang bawat isa sa dalawa ay hindi nakakamit sa pagbebenta ni sa pagreregalo ni sa iba pa sa dalawang ito. Dahil dito, hindi ipinahihintulot ang pakikialam dito sa pamamagitan ng pagbebenta ni ng iba pa rito. Ito ay ugnayan at bigkis sa pagitan ng nagpalaya at pinalaya, na nagaganap sa pamamagitan nito ang pagmamana ng nagpalaya mula sa pinalaya. Ang pagbabawal sa pagtitinda nito at pagreregalo nito ay dahil sa pagiging gaya ito ng kaangkanan na hindi naglalaho sa pamamagitan ng pag-aalis. Kaya kung may isang taong nagbenta ng kaangkanan niya kaugnay sa kapatid niya, hindi umaangkop ang pagbebenta; o nagbenta siya ng kaangkanan niya kaugnay sa anak niya, hindi umaangkop ang pagbebenta; o nagbenta siya ng kaangkanan niya kaugnay sa pinasan niya, hindi tumutumpak ang pagbebenta. Ang kaangkanan ay hindi naibebenta at ganoon din ang katapatang-loob.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5853